

Abiso Tungkol sa Mga Karapatan ng Empleyado: Pagliban Dahil sa Kaligtasan at Sakit

Mayroon kang karapatan sa pagliban para sa kaligtasan at sakit at bayad na prenatal leave. Mayroon ka ng karapatang ito anuman ang iyong kalagayan sa imigrasyon. Kailangang ibigay ng iyong employer sa iyo ang abisong ito na nagpapaliwanag ng iyong mga karapatan.

Dami ng Pagliban:

Pagliban Dahil sa Kaligtasan at Sakit (alagaan ang iyong sarili o sinumang itinuturing mong pamilya)	Bayad na Prenatal Leave (pangangalagang pangkalusugan para sa sarili habang buntis)
<ul style="list-style-type: none"> Ang lahat ng employer ay kailangang magbigay ng hanggang 40 oras ng pagliban para sa kaligtasan at sakit bawat kalendaryong taon. Ang mga employer na may 100 o higit pang empleyado ay kailangang magbigay ng hanggang 56 oras ng pagliban para sa kaligtasan at sakit bawat kalendaryong taon. <p><i>Kumikita ang mga full-time at part-time na manggagawa ng pagliban para sa kaligtasan at sakit sa rate na 1 oras para sa bawat 30 oras na tinatrabaho.</i></p>	<ul style="list-style-type: none"> Kailangang magbigay ang lahat ng employer ng hiwalay na pondo ng 20 oras ng bayad na prenatal leave.

Ang taon ng kalendaryo ng iyong employer ay: _____ hanggang _____
Unang buwan Huling buwan

May karapatan ka sa **BAYAD** na pagliban dahil sa kaligtasan at sakit kung:

- Ang iyong employer ay may 5 o higit pang mga empleyado.
 - Ang iyong employer ay may mas mababa sa 5 empleyado ngunit kumikita ng \$1 milyon o higit pa.
 - Ikaw ay nagtatrabaho sa bahay ng ibang tao bilang katulong; tulad ng tagapag-alaga ng bata, tagalinis ng bahay, o kasama sa bahay.
- Tandaan: Sinasaklaw ng batas ang 1 o higit pang mga empleyado na nagtatrabaho sa isang sambahayan.*

May karapatan ka sa **HINDI BAYAD** na pagliban dahil sa kaligtasan at sakit kung:

- Ang iyong employer na may mas kaunti sa 5 empleyado at mayroong kabuuang kita na binawas ang gastusin (net income) na hindi lalapas sa \$1 milyon.

Maaaring idagdag ang hindi nagamit na pagliban dahil sa kaligtasan at sakit sa susunod na taon ng kalendaryo.

Paggamit ng Pagliban Dahil sa Kaligtasan at Sakit:

- Gamitin ito para sa iyong kalusugan, kabilang ang pagkuha ng medikal na pangangalaga o para gumaling sa isang sakit o pinsala.
- Gamitin ito para alagaan ang miyembro ng pamilya na may sakit o may appointment sa doktor.
- Gamitin ito kapag nagsara ang iyong trabaho o paaralan ng iyong anak dahil sa isang pampublikong emerhensiya sa kalusugan.
- Gamitin ito para sa iyong kaligtasan o para sa kaligtasan ng isang kapamilya dahil sa karahasan sa tahanan, hindi nais na seksuwal na interaksyon, pag-stalk o pagbebenta ng tao.

Maaaring hilingin ng iyong employer na magbigay ka ng paunang abiso sa pinaplanong paggamit ng pagliban; tulad ng pagpunta sa naka-schedule na appointment sa doktor o pagdinig sa hukuman. Hindi mo kailangang magbigay ng paunang abiso para sa hindi inaasahang paggamit ng pagliban; tulad ng pagkakasakit o isang medikal na emergency.

May karapatan ka sa pagkapribado o privacy. Hindi mo kailangang ibigay sa iyong employer ang mga detalye tungkol sa dahilan ng paggamit mo ng pagliban.

Kung gumamit ka ng higit sa tatlong araw na sunod-sunod na pagliban, maaaring hilingin ng iyong employer ang dokumentasyon.

Mga Kinakailangang Nakasaad na Pahayag:

Ang iyong employer ay kailangang:

- Ibigay sa iyo ang nakasulat na patakaran na nagpapaliwanag kung paano gamitin ang iyong mga benepisyo.
- Sabihin sa iyo kung ilan na ang nagamit at natitira mong pagliban sa bawat siklo ng sahod.

Walang Paghihiganti:

Ilegal ang pagparusa o pagtanggap sa trabaho ng mga empleyadong humihiling o gumagamit ng pagliban o pag-uulat ng mga paglabag.



Makipag-ugnayan sa Consumer and Worker Protection upang higit pang matuto o para maghain ng reklamo. Bisitahin ang nyc.gov/workers | Tumawag sa 311 at itanong ang "Bayad na Pagliban para sa Kaligtasan at Sakit" Maaari ka rin magbigay ng di kilala o ANONYMOUS na tip.